# 10 交通 TRANSPORTASYON

## ■交通機関

鉄道及び路線バス等の公共交通機関は、広範囲に整備されており、日常生活の重要な足として大きな役割を果たしています。

## ■鉄道を利用するとき

**(1)乗車券の種類**

①普通乗車券

近距離は自動販売機、遠距離や特急券などは駅の窓口で買います。料金は、自動販売機の上部に駅別で表示されています。12歳未満(ただし、小学生は子供)の子供は半額、6歳未満の幼児は大人または子供1人につき2人まで無料です。

②回数券

10枚分の料金で 11枚買うことができ、同じ区間を何度も利用するときに、便利です。ただし、使用期限があります。

③定期券

毎日の通勤や通学には定期券が便利です。期間は1か月、3か月、6か月の3種類で、期間が長いものほど割安になっています。

**(2)IC カード式乗車券（Suica（スイカ）とPASMO（パスモ））**

定期券にもプリペイド式乗車券にも使えるカードで、読み取り装置を設置したすべての鉄道とバスで現金を使わずに乗車、運賃精算ができます。

Suica(スイカ)は JR東日本で販売しているもので、自動改札機に触れるだけで改札を通過できます。PASMO(パスモ)は、私鉄、地下鉄、バス会社で販売しています。

## ■ Transportasyon

Ang Chiba Prefecture ay mayroong maayos at kumbiniyenteng sistema ng transportasyon para sa publiko na kinabibilangan ng mga tren, regular na bus, at iba pa. Mahalaga ang papel ng mga ito sa araw-araw na kabuhayan ng mga mamamayan.

## ■ Paggamit ng mga tren

**(1) Mga uri ng tickets o bilyete**

1) Regular na bilyete

Bumili ng short-distance ticket mula sa mga itinakdang ticket machines. Ang bilyete para sa biyaheng Long distance at Limited Express ay kailangang bilhin sa ticket counter sa estasyon ng tren. Sa itaas na bahagi ng ticket machine ay may mapa ng ruta o mga dinadaanan ng tren kasali na ang mga singil sa bawat destinasyon. Ang singil sa tren ay kalahati para sa mga kabataang hindi pa umaabot sa edad na 12 taong gulang (ang nasa Elementary School ay school itinuturing na bata), at libre hanggang sa dalawang batang hindi pa umaabot sa edad na 6 taong gulang o pababa na kasama ng isang adult o mag-aaral na nasa Elementary School.

2) Coupon tickets (Kaisuken)

Maaring ninyong ipagpauna ang pagbili nito dahil mas makakamura kayo kung bibiyahe ng ilang beses sa parehong linya. Kung bibili kayo ng sampung bilyete o ticket, may dagdag na isang ticket na libre. Ang paggamit nito ay limitado o balido sa itinakdang panahon.

3) Railway Pass (Teiki-ken)

Kung kayo ay gumagamit ng parehong ruta araw-araw sa pagbiyahe ninyo patungo sa trabaho o sa paaralan, mas maigi o kumbiniyente kung bibili kayo ng Rail Pass. May 1 buwan, 3 buwan at 6 buwan na pases para sa pagsakay sa tren. Mas makakamura kayo lalung-lalo na kung mahaba ang panahong kukunin ninyo.

**(2) IC Card Boarding Pass (Suica at PASMO)**

Maaring gamitin ang card na ito bilang regular na pases o bilang Prepaid Boarding Pass, at maaring gamitin sa lahat ng tren at mga bus na may itinakdang card readers at hindi na kailangang gumamit ng pera o cash.

Ang Suica ay maaring bilhin sa JR Higashi Nihon at maari kayong pumasok sa pasukan o gate sa pamamagitan ng pagtapat ng Suica pass sa automated entrance. Ang PASMO ay maaring bilhin sa mga pribadong kompanya ng tren, subway o bus.

### (3)列車の種類

- 各駅に停車する列車:「普通」
- 主要駅だけに停車する列車:「特急」、「快速」、「急行」

### (4)時刻表

時刻表を利用すると、あらかじめ列車の発車時刻と到着時刻を知ることができます。時刻表では、午前、午後という言葉は使わず 24時間制で時刻が表示されています。

### ■バス

「行き先」はバスの正面上に書かれています。バスの運賃の支払方法は、現金の他に、定期券や回数券、ICカード式乗車券などがあります。

### ◇バスを利用するときの注意

- バスによっては、乗車距離にかかわらず一律料金の場合があり、乗るときに料金を支払うことになりますので、停留所やバスの表示を確認してください。
- 料金を降りるときに支払う場合は、乗ったときに「整理券」という、乗った停留所を示す券を取ってください。
- 降りるときは、降りたい「停留所」の手前でバスに備え付けてあるボタンを押して運転手に知らせます。
- 料金は、バスの内側正面の見やすいところに電光表示されていますので、整理券に書かれてある番号に対応した料金を、降りるときに運転手の横に備えられている「料金箱」のなかに整理券と一緒に入れます。このとき、「つり銭」がいらないようにあらかじめ小銭を用意しておくと良いでしょう。

  12歳未満(ただし、小学生は子供)の子供は半額、6歳未満の幼児は大人または子供1人につき2人まで無料です。
- IC カード乗車券(Suica や PASMO)を使う

### (3) Mga uri ng tren

- Tren na humihinto sa bawat estasyon: Futsu (Regular na tren)
- Tren na humihinto lamang sa mga pangunahin o malalaking estasyon : Tokkyu (Super-express), Kaisoku (Semi-express), Kyuko (Express)

### (4) Oras ng takbo

May nakalaang schedule ng tren na nagbibigay ng impormasyon ukol sa oras ng pag-alis at pagdating ng mga tren.

Nakasulat ang schedule na ito sa 24 hour "military-style format (hindi ito nakasulat sa A.M. / P.M. format), kaya ito ay mula sa 0:00 hanggang 24:00.

### ■Bus

Ang destinasyon o patutunguan ng bus ay nakasulat sa harapan nito. Maaring magbayad sa pamamagitan ng mga Bus Pass, regular na ticket at IC Card Boarding Pass, bukod sa pagbabayad ng pera o cash.

### ◇ Mga paalala sa paggamit ng bus

- May mga bus na sumisingil ng uniporme o parehas na singil kahit anuman ang layo ng biyahe. Upang gamitin ang ganitong uri ng bus, kailangang magbayad muna kayo sa entrance o pasukan ng bus tuwing sasakay. Alamin muna ang marka sa bus o sa bus stop bago sumakay.
- Kapag sasakay sa isang bus na kung saan ang pagbabayad ay ginagawa pagbaba sa destinasyon, kumuha ng bilyete o ticket (seiriken) mula sa ticket box. Ang bilyeteng ito ay magpapatunay kung saang bus stop kayo sumakay.
- Pindutin ang stop button na malapit sa inyong kinaroroonan, upang ipaalam sa nagmamaneho ng bus na nais ninyong bumaba sa susunod na bus stop.
- Ang numerong nakaimprinta sa inyong bilyeta ay kaugnay ng numerong nasa electronic panel sa harap ng bus, kung saan nakasaad ang mga singil. Ilagay ang bayad ninyo kasabay ng bilyete sa nararapat na lalagyan o box sa tabi ng tsuper ng bus. Kailangang may sapat kayong barya para bayaran ang singil.

  Kalahati ang singil para sa mga kabataang hindi pa umabot sa edad na 12 taong-gulang (ang nasa Elementary School ay school itinuturing na bata)), at libre hanggang dalawang batang hindi pa umabot sa edad na 6 taong-gulang na kasama ng isang adult o mag-aaral sa Elementary School.

場合は、乗降口、運賃箱の読み取り部にタッチしてください。

・ Kung gagamit ng IC Card Ticket (PASMO o Suica) pakilapat ito sa fare box sensor sa may pasukan/labasan ng bus.

**■タクシー**

タクシーには車の屋根に会社の名前を入れた「表示灯」がついています。空車のタクシーは、フロントから車外に向け赤く「空車」と表示されています。

タクシーを利用したい時は、駅前などのタクシー乗り場から乗るか、道路を走っている空車のタクシーを止めて乗車することもできます。また、タクシー会社に電話して連絡して呼ぶこともできますが、この場合は追加料金を払います。日本のタクシーは自動ドアですので、乗り降りする時のドアの開け閉めは、運転手に任せます。

料金は、車の種類(大型・中型・小型)、走行距離、時間帯、地域などの組み合わせによって決まっています。利用料金は、運転席の横にある「メーター」に表示されます。早朝・深夜や高速道路に乗ったときは割増料金になります。チップの必要はありません。

**■Taxi**

May mga marka o illuminated billboard sa ibabaw ng mga taxi kung saan nakasulat ang pangalan ng kompanya ng taxi.

Kapag kailangan ninyong sumakay sa taxi, madaling hanapin ang mga ito sa taxi stop sa harap ng mga estasyon ng tren, at iba pa, o di kaya'y kumaway sa isang bakanteng taxi sa kalye o daan. Maaring tumawag sa kompanya ng taxi para magpasundo. Sa kasong ito, may karagdagang singil na ipapataw.

Ang lahat ng taxi sa Japan ay gumagamit ng “automatic” na pintuan. Kontrolado ng tsuper ang pagbukas at pagsara ng pintuan.

Ang singil para sa Taxi ay depende sa uri ng kotse (malaki, katamtaman o medium-sized, maliit), distansiya, oras, lugar, at iba pa. Ang metro para sa singil ay nasa loob ng taxi at madali itong makita ng pasahero. Kung sasakay sa madaling araw o sa kalaliman ng gabi, o kung gagamit ng expressway, may karagdagag singil na ipapataw. Hindi na kailangang bigyan ng tip ang driver.

**■自動車の運転**

日本では自動車や自転車は左側通行です。飲酒運転は絶対にしてはいけません。

◇日本で運転するためには、次のいずれかの免許証を所持している必要があります。

1) 日本の免許証
2) ジュネーブ条約に基づく国際運転免許証
3) 国際運転免許証を発給していない国又は地域であって日本と同等の水準にあると認められる免許制度を有している国又は地域(スイス、エストニア、ドイツ、フランス、ベルギー、モナコ及び台湾)の免許証(当該免許証を発給した国の領事機関等が作成した日本語による翻訳文が添付されているものに限る。)

**■Pagmaneho ng kotse**

Ang lahat ng sasakyan sa Japan ay tumatakbo sa kaliwang bahagi ng daan.

Huwag kayong magmaneho kapag kayo ay nakainom ng alak.

◇Kailangang may hawak ng alinman sa sumusunod upang makapagmaneho ng sasakyan sa Japan.

1) Driver's License mula sa Japan
2) International Driver's License base sa Geneva Convention
3) Driver's License mula sa mga bansa o rehiyon (Switzerland, Estonia, Germany, France, Belgium, Monaco at Taiwan) na hindi nagbibigay ng International Driver's License pero itinuturing na may licensing system na pareho sa Japan (sa kondisyon na dapat may kalakip na pagsasalin sa wikang Hapon mula sa embahada o consulate office ng bansang gumawa ng issuance sa nabanggit na Driver's License.)

◇日本において運転できる期間
・日本の免許証：有効期間内
・国際運転免許証及び外国の運転免許証：日本に上陸した日から1年間又は当該免許証の有効期間のいずれか短い期間

◇Tagal ng panahon kung kailan puwedeng magmaneho sa Japan
・Para sa Japanese Driver's License: hanggang sa expiration date ng lisensiya
・International Driver's License o Driver's License na ipinagkaloob sa ibang bansa: 1 taon mula sa paglapag sa Japan o alinmang Driver's License na may pinakamaikling validity period.

**〈運転免許に関する問合せ先〉**
千葉県警察
・千葉運転免許センター
千葉市美浜区浜田2-1
電話：043-274-2000
(テレホン案内とFAXサービス、日本語)

・流山運転免許センター
流山市前ケ崎217番地
電話： 04-7147-2000
(テレホン案内とFAXサービス、日本語)

http://www.police.pref.chiba.jp/license/index.html

〈Para sa mga katanungan o impormasyon ukol sa Driver's License〉
Chiba Prefectural Police
・Chiba Driver's License Center
Chiba-shi Mihama-ku Hamada 2-1
Tel：043-274-2000
(Konsultasyon sa pamamagitan ng telepono at FAX :24 oras , Sa wikang Hapon)

・Nagareyama Driver's License Center
Nagareyama-shi Maegasaki 217
Tel：043-274-2000
(Konsultasyon sa pamamagitan ng telepono at FAX :24 oras , Sa wikang Hapon)
http://www.police.pref.chiba.jp/license/index.html

**(1) 自国の運転免許証から日本の運転免許証への切り替え**

有効な外国免許を持ち、かつ運転免許の発給を受けた日から通算3か月以上発給国に滞在期間があることが条件です。
確認特例国からの切り替え申請を除き、知識審査及び技能審査が必要です。
切替えの手続きは、千葉運転免許センターで行われます。
手続きに必要なものは、千葉運転免許センターに事前に確認してください。

※流山運転免許センターでは行われておりませんのでご注意ください。

**(1) Pagpapalit ng lisensiyang ipinagkaloob sa sariling bansa sa Japanese Driver's License**

Kailangang may balidong Driver's License na ipinagkaloob sa sariling bansa, at dapat lumagi sa nabanggit na bansa ng 3 buwan o higit pa mula sa araw ng pagtanggap ng Driver's License.
Maliban sa paglipat ng lisensiya mula sa mga bansa na itinakdang "special case", kailangang dumaan sa pagsusuri ukol sa kaalaman at galing sa pagmamaneho. Isinasagawa ang pamamaraan sa paglipat ng lisensiya sa tanggapan ng Chiba Driver's License Center.
Pakikumpirma muna sa Chiba Driver's License Center ang mga bagay na kinakailangang dalhin sa paggawa ng nabanggit na pamamaraan.

*Tandaan lamang na hindi ito isinasagawa sa Nagareyama Driver's License Center.

**(2) 日本で新たに運転免許証を取得する場合**

自国の免許証を持っていない場合は、新たに日本の運転免許証を取得することになります。日本人と同じように運転免許センターで実施する適性試験、筆記試験及び技能試験を受け、合格しなければなりません。
日本では一般的に、あらかじめ専門の学校（自動車学校）に通い、運転免許証を取得するための学科及び技能の教習を受けます。自動車学校を卒業した場合は、運転免許センターでの技能試験が免除され、適性試験、筆記試験のみになります。（筆記試験は、正誤式で日本語・英語・中国語から選択して受験することができます。）
※参考
「交通の教則」
（英語、スペイン語、ポルトガル語、中国語）
（一社）日本自動車連盟（JAF)にて販売。
（一財）全日本交通安全協会発行の「交通の教則」を翻訳した書籍。

http://www.jaf.or.jp/inter/manual/index.htm

**(2) Pagkuha ng Japanese Driver's License sa pamamagitan ng pagsusuri**

Ang mga dayuhang walang hawak na lisensiya mula sa kanilang bansa ay kailangang pumasa sa regular na pagsusuri upang mabigyan ng lisensiya. Ang written test, driving test at ang aptitude test ay isinasagawa sa mga tanggapan ng "Unten Menkyo Center". Ang mga pagsusuring ito ay mahirap ipasa, kaya karaniwan ay kailangang tapusin muna ang isang regular course sa isang driving school, na kinabibilangan ng kaalaman at galing sa pagmamaneho, bago kumuha ng driving test.
Kapag natapos ninyo ang kurso sa isang driving school, hindi na kailangang isagawa ang driving test sa Unten Menkyo Center, at ang written test at aptitude test lamang ang kailangan (Ang written test ay gagawin sa tama/mali na format, at mapipili ang test sa Wikang Hapon, Ingles, o Intsik.).
*Reperensiya
"Rules of the road"
(sa wikang Ingles, Espanyol, Portuguese, Intsik)
Maaaring bilhin sa tanggapan ng Japan Automobile Federation (JAF).
Pagsasalin sa wika ng dokumentong pinamagatang "Rules of the road" mula sa Japan Traffic Safety Association

http://www.jaf.or.jp/inter/manual/index.htm

**〈運転免許証の取得に必要な書類・手数料〉**

免許の種類によって必要な書類、手数料が異なりますので、運転免許センターに確認してください。

**Kinakailangang dokumento para sa pagkuha ng lisensiya sa pagmamaneho**

Sumangguni sa tanggapan ng Unten Menkyo Center para sa kinakailangang dokumento at mga bayarin o singil, dahil maaring magbago ito depende sa uri ng lisensiyang nais kunin.

**(3) 運転免許証の更新**

運転免許証の有効期間は 3年後の誕生日までです。その後3年に 1度（優良運転者の場合は 5年に 1度）更新しなければなりません。
更新手続きは運転免許センター又は最寄りの警察署で行うことができます。
更新の時期になると、免許証に記載されている住所に、更新の案内のはがきが届きます。
誕生日の1か月前から1か月後までの間に手続きをします。

**(3) Pag-renew o pagbabago ng lisensiya**

Ang Japanese driver's license ay balido hanggang sa ikatlong taong kaarawan ng may hawak ng lisensiya matapos ito ipinagkaloob. Pagkatapos nito, kailangang baguhin o ipa-renew ito ng isang beses sa loob ng tatlong taon (isang beses sa loob ng limang taon kung naturingang magaling sa pagmamaneho).
Ang pag-renew o pagbabago ng lisensiya ay isinasagawa sa mga tanggapan ng Unten Menkyo Center o sa pinakamalapit na himpilan ng pulisya sa inyong lugar.
Kung panahon na para mag-renew, ipadadala ang

詳しくは運転免許センターに確認してください。

http://www.police.pref.chiba.jp/license/renew/

impormasyon ukol sa renewal sa address na nakasulat sa iyong lisensya ng pagmamaneho.

Isang buwan bago at pagkatapos ng inyong kaarawan, kailangang isagawa ninyo ang pagbabago ng inyong lisensiya.

Para sa mga detalye, sumangguni sa Driver’s License Center.

http://www.police.pref.chiba.jp/english/license/renew/

**(4)自動車の登録制度**

自動車を購入したら陸運事務所に登録する必要があります。この手続きは複雑なので、通常、ディーラーが手続きを代行してくれます。

自動車を登録する場合には、自動車重量税、自動車取得税 、自動車税 の 納付 、自動車損害賠償責任保険 への 加入 、自動車保管場所証明（車庫証明）が必要です。また、印鑑証明又はサイン（在日大使館で証明したもの）も必要です。

- 自動車損害賠償責任保険（自賠責保険）：加入が義務付けられています。
- 任意の保険（任意保険）：自動車損害賠償責任保険は対象や賠償金が限られていますので、それを 補うためには、任意の保険に加入しておきましょう。
- 自動車保管場所証明（車庫証明：自動車の保管場所があることを証明する書類「車庫証明」です。自動車の保管場所を管轄する警察署に申請します。

**(4) Pagrehistro ng sasakyan**

Kapag kayo ay bumili ng kotse o iba pang sasakyan, kailangang iparehistro ninyo ito sa Land Transportation Office. Karaniwan ay ginagawa ito ng dealer ng sasakyan para sa inyo dahil medyo komplikado ang pamamaraan.

Sa pagrehistro ng inyong sasakyan, kailangang magbigay kayo ng isang katibayan na kayo ay nakapagbayad ng Automobile Tax, Automobile Acquisition Tax at certificate para sa parking space. Bukod pa rito, kailangang mayroon kayong Automobile Liability Insurance. Tandaan na kakailanganin ninyo ang Personal Seal Registration Certificate o pagpapatunay ng inyong official signature o pirma (mula sa inyong embassy na nasa Japan).

・Automobile Liability Insurance (Jibaisekihoken): ito ay kailangan.

・Voluntary Automobile Insurance (Nin'i hoken): ang sakop ng compensation para sa Automobile Liability Insurance ay limitado, kaya para madagdagan ang coverage ninyo, kailangang sumali sa Voluntary Automobile Insurance.

・Certificate para sa parking space (Shako shomei): para irehistro ang isang pribadong sasakyan, kakailanganin ninyo ang isang certificate o pagpapatunay na mayroon kayong nakalaang parking space para sa inyong sasakyan. Maari kayong mag-apply sa main police station na sakop ng lugar na kung saan balak ninyong pumarada.

**(5)自動車の検査（車検）**

自動車が安全面や環境面の基準に適合しているかを確認するために、一定期間ごとに自動車の検査（車検）を受けることが義務付けられています。自動車を新規登録した時に新規検査が 行われ、自動車検査証が交付されます。次回の検査を受けなければならない期限は、自動車検査証に記載されています。

検査は、整備工場に点検整備とともに検査手続きを依頼する方法と、本人が検査手続きを行う方法があり、いずれかを選択します。

費用（検査登録申請料・自動車損害賠償責任保険料・重量税・修理代）は、かなり高額です

**(5) Pagsusuri ng sasakyan (Shaken)**

Sang-ayon sa batas, kailangang patingnan ninyo ng regular ang inyong sasakyan, upang masiguro ang pagsunod nito sa safety at environmental standards. Malaki ang papel ng sistema ng pagsusuring ito sa pagsiguro sa kaligtasan at pagpigil ng polusyon. Ang unang pagsusuri ay isasagawa sa oras na iparehistro ang sasakyan at pagkatapos ay ibibigay ang isang “Certificate of vehicle inspection”. Nakasulat ang petsa ng susunod na pagsusuri o inspection sa loob ng certificate. May dalawang paraan sa pagsasagawa ng pagsusuri: ang unang paraan ay ang pagsasagawa nito sa isang repair shop, para makumpleto ang mga pamamaraan pati na ang pagcheck-up at pagkumpuni; ang isa pang paraan ay ang sariling pagsagawa ng mga nabanggit na pagsusuri at pamamaraan.

ので、前もって用意しておきます。

Ang mga gastos (application fee para sa pagrehistro ng pagsusuri o inspection, singil ng seguro para sa Automobile damage compensation insurance, automobile weight tax, singil sa pagkumpuni) ay may kamahalan, kaya dapat maging handa kayo.

**(6)自動車税**

普通自動車には自動車税が、軽自動車には軽自動車税が、毎年かかります。領収書は、車検の際に必要ですので、大切に保管しておきます。

**(6) Automobile tax**

Ang Automobile tax para sa karaniwang sasakyan at Light automobile tax para sa magagaang sasakyan, ay ipinapataw bawat taon. Siguruhing itabi ang resibong matatanggap para ipakita sa panahon ng pagsusuri ng sasakyan o inspection.

## ■原動機付き自転車（原付バイク）

原動機付き自転車（原付バイク）に乗るには免許が必要です。原動機付き自転車（原付バイク）を購入したときは、現在住んでいる市区町村に登録し、年1回、軽自動車税を払わなければなりません。

## ■ Motorsiklo

Kailangan ng lisensiya para magmaneho ng motorsiklo. Kailangang irehistro ninyo ang motorsiklong nabili sa tanggapan ng munisipiyo sa inyong lugar at bayaran ang itinakdang Light vehicle tax ng isang beses bawat taon.

## ■日本の交通ルール・マナー

### ◇歩行者のルール

①歩道があるところでは、必ず歩道を通ってください。

②歩道がないところでは、道路の右側を歩いてください。

③道路を横断するときは、信号があるところでは信号に従い、信号のないところでは、横断歩道を利用してください。その場合は、左右の安全確認をして、車が止まってから渡りましょう。

④道路への飛び出しは絶対にしてはいけません。

⑤夜間には、反射材を身につけるか、明るい服装を心掛けましょう。

⑥「歩行者横断禁止」標識のある場所では、横断してはいけません。

## ■ Tamang asal / patakaran ng trapiko sa Japan

### ◇ Patakaran para sa mga taong naglalakad sa daan

① Maglakad sa sidewalk sa mga lugar na mayroon nito.

② Maglakad sa kanang bahagi ng daan sa lugar na walang sidewalk.

③ Kapag tatawid sa daan, siguruhing sundin ang traffic light kung mayroon. Gamitin ang crosswalk kung walang traffic light. Sa pagtawid, siguruhing kumpirmahin ang magkabilang direksiyon at umpisahan lamang ang paglalakad sa oras na huminto ang mga sasakyan.

④ Huwag humagibis patungo sa daan.

⑤ Kung lalabas sa gabi, maglagay ng reflectors sa katawan, o magsuot ng damit na matingkad ang kulay.

⑥ Hindi maaaring maglakad sa mga lugar na may markang "Pedestrian Crossing Prohibited".

### ◇自転車走行のルール

①自転車は車道通行が原則です。車道を通行するときは道路の左端に寄って通行してください。
②歩いている人を優先しましょう。
③傘さし、スマホなどのながら運転はやめましょう。
④交差点では安全確認をしましょう。
⑤夕方からはライトをつけましょう。

### ◇ Patakaran para sa paggamit ng bisikleta

① Bilang patakaran, ang bisiklekta ay pinapatakbo sa daan na ginagamit ng mga sasakyan. Kung sasakay ng bisikleta, kailangang patakbuhin ito sa kaliwang panig ng daan.
② Bigyan ng prayoridad ang mga taong naglalakad.
③ Huwag gumamit ng payong, smartphone at iba pa bagay na maaaring makagambala sa konsentrasyon habang nagmamaneho.
④ Mag-ingat sa pagpasok sa mga intersection.
⑤ Siguruhing nakabukas ang ilaw sa pagsapit ng dilim o gabi.

### ・防犯登録

自転車には、盗難にあった場合や、落とし物として届けられた場合などの返還の手がかりとするため、防犯登録が義務付けられています。防犯登録は、自転車を販売している店などで手続きをしてくれます。

・自転車等放置禁止区域：駅前などには、自転車等の放置禁止区域を定めています。放置禁止区域は標識で表示されています。この区域に自転車やバイクを駐輪した場合は撤去され、撤去にかかった費用や保管料を請求されますので、駐輪する際にはよく確認してください。

### ・Pagrehistro ng bisikleta laban sa pagkawala o pagnanakaw

Sang-ayon sa batas, kailangang ipatupad ang pagpigil ng krimen o crime-prevention. Kaya kailangang iparehistro ang inyong bisekleta. Ang impormasyong nakuha mula sa pagrehistro ay maaring gamitin sa oras na mawala ang inyong bisekleta o di kaya'y maibalik ito at kailangang kunin ng may-ari. Maaring irehistro ang bisekleta sa mga tindahan ng bisekleta.

・Walang parking area para sa mga bisekleta, iba pa: walang nakalaang parking space para sa mga bisekleta at iba pa, sa harap ng mga estasyon ng tren. May nakasulat na mga babala o posters sa pook na ito. Kung iiwanan ninyo ang inyong bisekleta o motorsiklo sa lugar na ito, maari itong tanggalin at may singil o multa na ipapataw sa inyo para sa pagtanggal nito. Kaya dapat ingatan na nasa tamang lugar kayo, kung saan puwedeng itigil o iwanan ang inyong bisekleta o motorsiklo.

### ◇自動車運転者のルール

①交通法規を守り、交通信号、交通標識、道路標識に従ってください。
②運転免許を持っていない人やお酒を飲んだ人は、絶対に自動車の運転をしてはいけません。
③自動車に乗るときは、シートベルトを必ず着用しましょう。6歳未満の幼児を乗せるときは、チャイルドシートを使用しなければなりません。

### ◇ Patakaran sa pagmamaneho ng sasakyan

① Sundin ang mga batas o tuntunin ng trapiko, traffic signal, traffic sign, road sign.
② Mahigpit na ipinagbabawal ang pagmamaneho ng sasakyan kapag walang lisensiya o kapag nakainom ng alak.
③ Siguruhing ikabit ang seatbelt sa pagsakay sa sasakyan. Kailangang gumamit ng child seats ang mga batang wala pang 6 taong-gulang.

### ◇交通事故相談

交通事故にあった場合、損害賠償など様々な問題が生じます。交通事故にあってお困りの方のために、千葉県では、経験豊富な相談員が相談に応じる交通事故相談所を開設しています。相談は無料で、秘密は守ら

### ◇Konsultasyon ukol sa mga aksidente sa sasakyan

Iba't-ibang problema ang maaaring mangyari sanhi ng pagkakaroon ng aksidente sa sasakyan, kalakip ang pagsagawa ng claim para sa pinsalang natamo at iba pa. Upang suportahan ang mga nasangkot sa aksidente, itinatag ng Chiba Prefecture ang mga consultation office kung saan nakatalaga ang mga kawaning may malawak na karanasan

れます。また、相談は日本語になります。

pagdating sa bagay na ito. Libre ang konsultasyon at mahigpit na pinangangasiwaan ang pagkupkop ng personal na impormasyon. Ang konsultasyon ay isinasagawa sa wikang Hapon.

**＜千葉県交通事故相談所＞**

・本所(千葉県庁本庁舎2階)
千葉市中央区市場町1－1
電話 043－223－2264

・東葛飾支所 (東葛飾地域振興事務所4階)
松戸市小根本7
電話 047－368－8000

・安房支所(安房地域振興事務所1階)
館山市北条402－1
電話 0470－22－7132

相談時間 午前9時～12時 午後1時～5時
(土日、祝日、年末年始除く)

＊県内35市町を巡回して、交通事故相談を行っていますので、相談日時などについて、最寄りの交通事故相談所にお問合せください。

**<Chiba Traffic Accident Consultaion Office>**

・**Pangunahing tanggapan** (2-F Chiba Prefectural Government Building)
Chiba-shi Chuo-ku Ichiba-cho 1-1
Numero ng telepono: 043-223-2264

・**Higashi Katsushika Branch** (4-F Higashi Katsushika Regional Promotion Office)
Matsudo-shi Konemoto 7
Numero ng telepono: 047-368-8000

・**Awa Branch** (1-F Awa Regional Promotion Office)
Tateyama-shi Hojo 402-1
Numero ng telepono: 0470-22-7132

Oras ng konsultasyon: 9:00 a.m. ~ 12:00, 1:00 p.m. ~ 5:00 p.m. (maliban sa Sabado at Linggo, piyesta opisyal, katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon)

*Isinasagawa sa 35 siyudad at bayan sa loob ng prefecture ang konsultasyon ukol sa mga aksidente sa sasakyan at maaaring kumpirmahin ang petsa, oras ng pagtanggap at iba pang detalye sa pinakamalapit na consultation office